

BADYET NG BAYAN

2017



Republika ng Pilipinas
KAGAWARAN NG BADYET AT PAMAMAHALA

TALAAN NG NILALAMAN

PAUNANG SALITA 1

BADYET NG TUNAY NA PAGBABAGO 2

PAGPOPONDO SA BADYET 4

 Programang Pampananalapi 5

 Pagkasensitibo ng Badyet sa mga Parametrong Pangmakroekonomiks 6

 Rentas/Kita 7

 Kakulangang Salapi at mga Panghihiram 8

 Paghahambing ng PT 2017 GAA sa Panukalang Badyet ng Ehekutibo 9

 Dimensiyon ng Badyet

 ▶ Batay sa Sektor (Dating Sistema) 11

 ▶ Batay sa Sektor (Gamit ang COFOG) 12

 ▶ Batay sa Expense Class 14

 ▶ Batay sa mga Departamento at SPF 15

 ▶ Batay sa Rehiyon 16

 Ang Sampung Ahensiya na May Pinakamatataas na Badyet 18

 Off-Budget Accounts 19

MGA PANGUNAHING KATANGIAN NG PAMBANSANG BADYET 20

 1. Pagpapabuti ng Samahang Panlipunan (“Malasakit”) 21

 2. Pagpapababa sa Mga Di-pantay na Oportunidad Para sa Ekonomikong Pag-unlad (“Pagbabago”) 23

 3. Pagpapataas ng Potensiyal Tungo sa Kaunlaran (“Kaunlaran”) 32


 4. Pagtataguyod sa Gumagana at Mapagkalingang Kaligirang Pangkabuhayan 34

 5. Mga Pundasyon para sa Inklusibo at Likas-kayang Pag-unlad 36

ANG PAGPAPATUPAD NG BADYET 42

SURVEY FORM

PAUNANG SALITA



Ang lagdaan ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte ang PHP3.350 trilyong Atas sa Pangkalahatang Laang Gugulin (General Appropriations Act) na kumakatawan sa Pambansang Badyet ng Pamahalaan ng Pilipinas para sa 2017, gumamit siya ng apat na akmang salitang naglalarawan sa kauna-unahang badyet sa ilalim ng kaniyang anim na taóng Administrasyon – makatao (*pro-people*), makanegosyo (*pro-investment*), maka-kaunlaran (*pro-development*), at makapaglago (*pro-growth*).

Ang halaga ng mga salitang ito ay hindi lamang batay sa magandang retorikang resulta ng maayos na pagkakahanay-hanay nito – sa kabila ng posibilidad na maaari silang maging balakid sa isa’t-isa – kundi sa makabuluhang epekto sa buhay at kabuhayan ng mga tao kapag ang mga konsepto sa likod ng mga salitang ito ay naisakatuparan nang maayos.

Bilang kauna-unahang badyet sa Administrasyong Duterte, ang Pambansang Badyet ng 2017 ang magtatakda ng hugis at tulin ng iba pa sa darating na anim na taon. Inilalarawan nito ang mga priyoridad ng pamahalaan na seryosong haharapin upang ipatupad ang mga pangako at mithiin ng liderato para sa taumbayan. Binibigyan-diin nito ang mga hangarin na magdidikta ng direksiyon tungo sa pagbabago ng bansa – isang TUNAY na pagbabago na mararamdaman at magbubunga ng maganda at matagalang pagkakaiba sa buhay ng bawat Filipino.

Samakatuwid, ipinapakita ng Kagawaran ng Badyet at Pamamahala, sa isang malinaw, eksakto, at komprehensibong pamamaraan, ang isang badyet na tunay na “mula sa tao at para sa tao” na nakatuon sa sumusunod na aspirasyon:

■ Makatao (*Pro-People*)

Tinitiyak ng 2017 Pambansang Badyet na ang mga programa ay nasa tamang lugar at priyoridad upang direktang mapakinabangan ng mga pinakamahirap na sektor ng lipunan, na ang mga serbisyong panlipunan ay makatatanggap ng 40.3 porsiyento, pinakamalaking bahagi ng badyet. Dahil sa pagturing ng Administrasyon sa sambayanang Filipino bilang pinakamahalagang yaman ng bayan, inilaan nito ang pinakamalaking porsiyento ng badyet para sa human capital investment, na ang badyet para sa edukasyon ay itinaas nang 31.6 porsiyento at sa kalusugan nang 19.2 porsiyento, kumpara sa inilaan noong 2016. Ang pagtitiyak sa pangangalaga sa mga pinakamahirap at pinakadehadong mga pamilya ay nilaanan ng alokasyon na PHP166.4 bilyon, na gagamitin sa serbisyong panlipunan at cash transfers.

■ Makanegosyo (*Pro-Investment*)

Malaking puhunan ang inilaan ng pamahalaan para sa impraestruktura at capital outlay, na inilagag ang 23.1 porsiyento ng pangkalahatang badyet, lalo na para sa pagpapagawa at pagpapabuti ng mga kalsada, transportasyon, at komunikasyon. Magbibigay din ang pamahalaan ng suporta para sa programang pangkabuhayan upang lalong umigting ang negosyo at maging mas produktibo ang paggawa. Kaakibat ng 0+10 socioeconomic agenda, pakay din ng Administrasyon ang pagtaas ng pangkalahatang competitiveness ng bansa sa pamamagitan ng pagsugpo sa kriminalidad at pagpapabuti ng paraan ng pagnenegosyo.

■ Makapaglago (*Pro-Growth*)

Sa isang tahasan at walang katulad na hakbang upang higit na pasiklabin ang takbo ng ekonomiya, ang 2017 badyet ay naglalayong gamitin ang 5.3 porsiyento ng GDP para sa impraestruktura, kumpara sa karaniwang 2.9 porsiyento lamang mula noong 2010. Ang Public-Private Partnerships o PPP ay gagampanan din ang mahalagang papel sa pagtupad ng pag-unlad. At upang hindi maapektuhan ang pag-unlad ng mga isyu ng kaligtasan at seguridad ng bansa, itinaas din ng pamahalaan ang badyet para dito ng 11 porsiyento.

■ Makakaunlaran (*Pro-Development*)

Ang Pambansang Badyet ay nakatuon sa pagpapaulnad ng bayan sa pamamagitan ng pagpapaigting ng kabuhayan sa mga kanayunan. Layon nito ang isang value chain development strategy na magtataas ng antas ng paglago sa mga kanayunan sa pamamagitan ng mga bagong negosyo, agrikultura, at turismo. Hangad ng badyet na mas magamit ang angking talino at likas na pagkamalikhain ng mga Filipino, ang pagtangkilik sa agham, teknolohiya, at malikhaing sining upang itaguyod ang inklusibo at likas-kayang pag-unlad.

Ang pundasyon ng matagumpay na implementasyon ng 2017 Pambansang Badyet ay nakasalalay sa mahusay na pagpapasiya ng programang piskal na nakaangkla sa reporma sa pamamahala at badyet na mahusay na itinataguyod ng Administrasyon.

Ang aming adhika ay makamit ang malakas, likas-kaya, at mapagsaalang-alang na pag-unlad sa pagitan ng 6.5 at 7.5 porsiyento mula 2017, at pagbaba sa insidente ng kahirapan ng 1.25 hanggang 1.5 punto porsiyento bawat taon. Kaakibat sa pagpapatupad nito ang pagkamit para sa taumbayan ng tunay na pagbabago na matagal na nilang hinahangad, sa pamamagitan ng isang malinis at mapagkalingang pamahalaan.

Benjamin E. Diokno

BENJAMIN E. DIOKNO
Kalihim

BADYET NG TUNAY NA PAGBABAGO


Ang 2017 Badyet ay kumatawan sa mithiin ng Administrasyong Duterte na mabisang maisakatuparan ang TUNAY at panghabang-buhay na pagbabago. Ito ay ibinalangkas na may partisipasyon mula sa mga tao at mayroong matatag na paninindigan ng gobyerno para mamuhunan sa hinaharap.



Upang mapanatili ang buwelo sa pag-unlad ng bansa, ang gobyerno ay nagangakong maninindigan sa makatarungang patakaran nito sa pananalapi. Kasama rito ang mga:

Patuloy na pagtaas ng antas ng gastusin ng gobyerno batay sa karaniwang tulin ng paglago ng ekonomiya na 13.0 porsiyento mula 2017 hanggang 2022, para makamit sa medyo matagal na panahon ang planong gugulin na 20.7 porsiyento ng GDP pagdating ng 2022

Planong Gugulin sa Medyo Matagal na Panahon¹
(bilang porsiyento ng GDP)



¹Tumutukoy sa mga pagbabayad (disbursements)

Bumubuting singilin ng rentas sa pamamagitan ng panukalang komprehensibong tax reform package


Ang tax reform package ay patataasin ang ating pagsisikap sa rentas (revenue effort) mula 15.3 porsiyento ng GDP sa 2017 hanggang 17.7 porsiyento ng GDP sa 2022.²

17.7% ng GDP
2022
15.3% ng GDP
2017



² Alinsunod sa ika-189 na DBCC Meeting na ginanap noong ika-20 ng Disyembre 2016

Pagbabawas ng bahagi ng badyet para sa pasaning utang mula 14.0 porsiyento noong 2016 hanggang 10.5 porsiyento sa 2017



Mga Mapagkatitiwalaang Badyet

Kung ano ang badyet, iyon din ang magagamit—WALANG LABIS, WALANG KULANG. Ito ang isa sa mga pinakamahalagang prinsipyo ng Piskal na Taon (PT) 2017 Badyet sa ilalim ni Pangulong Duterte. Ang isang mapagkatitiwalaang badyet ay nangangahulugang kung ano ang inilaan sa badyet ng Kongreso ay marapat lamang gastusin at ipatupad nang alinsunod dito. Ang mga solusyon para tugunan ang kakulangan sa paggasta ng ilang mga ahensiya ng gobyerno ay naipatupad na para mapagbuti ang pagsasagawa ng mga programa/proyekto.



General Appropriations Act (GAA) bilang Allotment Order

Ibig sabihin nito na ang mga badyet ng mga ahensiya ay itinuturing nang komprehensibong ibinigay sa kanila sa oras ng pagkakabisa ng GAA, maliban sa mga kinilalang bagay na may kondisyon ang pagpapatupad.




24/7 construction work para sa mga pangunahing proyektong pang-impraestruktura



Pagpapagaan ng IRR ng Government Procurement Reform Law



Pagpapalakas ng pag-momonitor ng proyekto



Pagsasakatuparan ng repormang Pampublikong Pamamahalang Pampananalapi (PFM)

Pagkamit ng Patas na Kasaganaan

Sa huli, ang PT 2017 Badyet ay naglalayong makamit ang karampatang paglago ng ekonomiya para sa bawat Filipino sa pamamagitan ng pagtataas ng paggugol sa mga serbisyong panlipunan at pang-ekonomiya, tulad ng kalusugan, edukasyon, kagalingang panlipunan, at agrikultura. Ang mga ito, lalo na, ay popondohan ang mga pangunahing pamumuhunang pang-impraestruktura sa buong bansa para makapagbigay ng mga oportunidad pang-empelo at ipalaganap ang mga benepisyo ng pag-unlad sa mga naghihirap na rehiyon.

Alokasyon para sa mga Piling Subsektor ng Serbisyong Pang-ekonomiya at Panlipunan, 2015-2017 (sa bilyong Piso)

Taon	Antas ng Paggasta	Kalusugan	Agrikultura, Repormang Agraryo at Likas na Yaman	Panlipunang Kaligtasan, Kagalingan at Empleo	Edukasyon, Kultura at Pagpapaunlad ng Lakas-Tao	Impraestruktura
2015	2,606.0	164.0	86.6	143.8	375.2	575.7
2016	3,001.8	245.8	93.7	125.4	508.5	756.4
2017	3,350.0	258.2	93.2	143.5	667.4	847.2

Mga Reporma sa Pamamahala at Badyet

Upang mapanatili ang tiwala ng mga mamamayan sa pamahalaan, ang Administrasyong Duterte ay nangangakong itataguyod ang sumusunod na repormang pamamahala at badyet:



Pagpasa ng Batas ng Reporma sa Badyet (Budget Reform Act) para sugpuin ang mga pang-aabuso at maling pamamahala sa planong paggugol ng bansa—kahit pa matapos ang termino ni Pangulong Duterte.



Reporma sa pensiyon para sa mga militar at unipormadong kawani upang tugunan ang nagbababalang krisis sa pondo sa pensiyon.



Pag-aangkop sa laki ng pamahalaan para sa mas mabuting serbisyo



Pagsali sa mga pamahalaang lokal bilang kaakibat na may kakayahan sa pambansang pag-unlad

PHP19.4B

Tulong sa Mahihirap na mga Munisipyo (Assistance to Disadvantaged Municipalities) para tustusan ang mga pangunahing daang lokal, pasilidad pang-ebakwasyon, pinagmumulan ng inuming tubig, at maliliit na proyektong imbakan ng tubig.

PHP18.0B

Conditional Matching Grant sa mga probinsiya para sa pagkukumpuni, rehabilitasyon at pagpapabuti ng kalsadang panlalawigan sa buong bansa.

PAGPOPONDO SA **BADYET**




PROGRAMANG PAMPANANALAPI

Ang Administrasyong Duterte ay naglalayong isulong ang ekonomiya sa pamamagitan ng planong paglaki ng paggasta sa medyo matagal na panahon. Para sa 2017, ang bahagyang pagtaas ng antas ng deficit mula 2.0 porsiyento hanggang 3.0 porsiyento ng GDP ay kumakatawan sa dagdag pamumuhunan sa pangunahing serbisyong panlipunan at trabahong (labor-intensive) impraestruktura, at pananatilihin ang buwelo sa pag-unlad ng bansa.

Programang Pampananalapi, 2015-2019*
(sa bilyong Piso)

RENTAS		PAGBABAYAD
3,326.5	2019	3,907.3
2,990.1	2018	3,517.1
2,481.5	2017	2,959.7
2,256.7	2016	2,645.6
2,109.0	2015 (aktuwal)	2,230.6

**Antas ng Badyet
vs. Antas ng
Kakulangang Salapi**
(bilang porsiyento
ng GDP)



Bakit kailangan nating magkaroon ng deficit?

Ang pamahalaan ay nagkakaroon ng deficit dahil ang paggasta nito ay higit sa kaya nitong kolektahin na rentas. Ang paggasta sa kabila ng kakulangan sa pananalapi ay hindi masamá kung ito ay masusuportahan, mapasisigla ang ekonomiya, at dadagdag sa napagkakakitaan. Ang mga hiniram na panustos ay dapat ipuhunan sa mga:

- Programang magpapabuti ng kapakanan ng mga tao tulad ng edukasyon, kalusugan, at serbisyong panlipunan; at
- Proyektong pang-impraestruktura na aakit sa mga dayuhang mamumuhunan at lilikha ng trabaho.

* Datos para sa 2016-2019 ay batay sa mga taya ng 2017 BESF

PAGKASENSITIBO NG BADYET SA MGA PARAMETRONG PANGMAKROEKONOMIKS

Ang PHP3.35-trilyong 2017 Badyet ay batay sa makatotohanang pagtataya sa pananalapi na pang-makroekonomiya. Sa katunayan, ang mga rentas at gugulin ay kumakatawan sa mga pagbabago kaugnay sa sumusunod na pang-makroekonomiyang salik:



Pagkasensitibo ng Pananalapi sa Ilang Mahahalagang Salik Pangmakroekonomiks, 2016-2017 (sa bilyong Piso kada taon)

Mga Detalye	Rentas		Pagbabayad		Balanse ng Badyet ^{1/}	
	2016	2017	2016	2017	2016	2017
1 puntos na porsiyentong pagtaas sa pagtaas ng real GDP	21.6	19.3			21.6	19.3
1 puntos na porsiyentong pagtaas sa antas ng inflation (inflation rate)	20.8	18.4			20.8	18.4
1 puntos na porsiyentong pagtaas sa inaangkat na paninda	4.3	3.7			4.3	3.7
1 puntos na porsiyentong pagtaas sa antas ng interes (interest rates)	0.6	0.5	3.2	3.2	-2.6	-2.7
1 puntos na porsiyentong pagtaas ng London Interbank Offered Rates (180 Araw)			4.2	4.6	-4.2	-4.6
1 puntos na porsiyentong paghina ng antas ng palitang banyaga	10.5	9.2	2.1	2.0	8.4	7.2


^{1/} Ang negatibong numero sa balanse ng badyet ay nangangahulugan ng pagtaas ng deficit.

RENTAS/KITA

Ang pamahalaan ay kailangang tustusan ang badyet gamit ang kita nitong nakukuha. Para sa 2017, ang mga singiling rentas ay tinatayang aabot sa PHP2.48 trilyon, o 15.6 porsiyento ng GDP. Ang halagang ito ay kumakatawan sa 10 porsiyentong pagtaas mula sa halaga noong 2016 na PHP2.26 trilyon.

Ang mga singiling rentas ng pamahalaan ay kadalasang dumarating sa anyo ng buwis, bayad at singilin, kita mula mga operasyon at mga nalikom mula sa privatization, bukod sa iba pa.

Rentas sa Anyo ng Buwis
PHP2,313B / 14.5% ng GDP




Ibang Anyo ng Rentas
PHP166.5B / 1.0% ng GDP

Privatization
PHP2.0B / Negligible Share ng GDP

Inaasahan ng Administrasyong Duterte na tataas ang malilikom nitong rentas nang 11 hanggang 12 porsiyento kada taon para umabot sa PHP4.68 trilyon o 18.1 porsiyento ng GDP pagdating ng 2022. Para maisakatuparan ito, ang pamahalaan ay nagtutulak sa isang komprehensibong reporma sa buwis upang itaas ang ating pagsisikap sa buwis (tax effort) kahanay ng mga kalapit-bansa natin sa ASEAN. Ang mga panukala sa buwis ay pagagaanin ang pasanang buwis ng mga mahihirap at mga nakaluluwag sa buhay, gagawing simple ang nakalilitong sistema ng pagbubuwis at iaangat ang episyente nito.


Kabuoang Rentas, 2015-2019*



* Datos para sa 2016-2019 ay batay sa 2017 BESF na pagtataya

KAKULANGANG SALAPI AT MGA PANGHIHIRAM


Ang pamahalaan ay tumatakbong may deficit sa paggugol ng halos 3.0 porsiyento ng GDP. Upang matustusan ito, kailangan nitong humiram ng aabot sa PHP631 bilyon mula sa mga lokal at dayuhang pinagkukunan.



Bilang pag-iingat, ang Administrayong Duterte ay tutustusan ang 80 porsiyento ng kabuoan nitong pangungutang mula sa lokal na pinanggagalingan, habang ang natitirang 20 porsiyento ay manggagaling sa mga dayuhang pinagkukunan para maiwasan ang mga posibleng panganib sa gitna ng umiiral na kawalang-katiyakang pandaigdigang ekonomiya.

Kailan ba masasabi na sobra na o hindi tama ang deficit at utang?

Ang sagot ay nakadepende talaga sa katangian ng deficit na paggugol. Ang deficit sa paggugol ay dapat na nagtataguyod sa ekonomiya. Ito ay dapat na inilalaan sa mga capital asset, tulad ng mga network ng kalsada, paliparan at daungan, nang sa gayon ay hindi lamang ang kasalukuyan kundi pati ang hinaharap na henerasyon ay makikinabang sa biyaya ng nasabing pagtustos. Nagawa ng pamahalaan na ibaba ang antas ng pangungutang ng pambansang gobyerno mula sa mataas na 52.4 porsiyento ng GDP noong 2010 hanggang sa mas kaaya-ayang antas na 44.7 porsiyento ng GDP sa pagtatapos ng 2015. Ang plano ay mas ibaba pa ito pagdating ng 2022 at gamitin ang mga nahiram na pantustos sa mga produktibong asset para tulungang mapalago lalo ang ekonomiya.



PAGHAHAMBING NG PT 2017 GAA SA PANUKALANG BADYET NG EHEKUTIBO

Ang inaprubahang badyet ng Kongreso ay pinapanatili ang kabuoang programang gugulin ng pamahalaan katumbas ng PHP3.350 trilyon.

	NEP* (sa bilyong Piso)	GAA** (sa bilyong Piso)	PAGTAAS/ (PAGBABA)
BATAY SA SEKTOR			
Serbisyong Panlipunan	1,344.8	1,351.4	6.6
Serbisyong Pang-ekonomiya	924.0	922.9	(1.1)
Tanggulan	147.8	148.7	0.9
Pangkalahatang Serbisyo Publiko	581.8	575.4	(6.4)
Pasan na Utang	351.6	351.6	0.0
KABUOAN	3,350.0	3,350.0 (maaaring lumagpas)	0.0
BATAY SA DEPARTAMENTO/AHENSIYA			
Mga Departamento	2,007.8	2,028.4	20.6
Special Purpose Funds	1,342.2	1,321.6	(20.6)
KABUOAN	3,350.0	3,350.0	0.0
BATAY SA EXPENSE CLASS			
Serbisyong Pangkawani (PS)	997.0	990.5	(6.5)
Impraestruktura at mga Capital Outlay	780.5	773.3	(7.2)
Maintenance Expenditures	531.0	536.4	5.4
Alokasyon sa mga LGU	558.5	560.0	1.5
Suporta sa mga GOCC	131.4	138.2	6.8
Pasaning Utang	351.6	351.6	0.0
KABUOAN	3,350.0	3,350.0 (maaaring lumagpas)	0.0

* Ang National Expenditure Program (NEP) o ang panukalang Badyet ng Ehekutibo ay naglalaman ng detalyadong paggasta ng bawat kagawaran at ahensiya, at isinusumite sa Kongreso upang aprubahan.
** Ang GAA ay tumutukoy sa ipinagtibay na badyet ng pamahalaan.

Sa paglagda niya ng 2017 Pambansang Badyet noong ika-22 ng Disyembre 2016, ginamit ni Pangulong Duterte ang karapatang gawad sa kaniya ng Konstitusyon na magveto ng ilang mga pagbabagong ginawa ng Kongreso sa inihaing programang paggastos ng Ehekutibo. Kabilang sa mga mahahalagang aspektong kasama sa naveto ay ang sumusunod:

PROBISYON		 MAKATWIRANG PALIWANAG/ MGA APEKTADONG AHENSIYA	
DIREKTANG PAGVETO			
Direktang paggamit ng kita ng ilang mga ahensiya na hindi pinahihintulutan ng isang natatangi na substantibong batas		Ang mga natatanging probisyon na nagpapahintulot sa Energy Regulatory Commission (ERC), Komisyon sa Halalan (Commission on Elections), Kagawaran ng Paggawa at Empleo (Department of Labor and Employment), Kagawaran ng Agrikultura (Department of Agriculture) at Kawanihan ng Imigrasyon (Bureau of Immigration) na gamitin ang kanilang kita nang walang natatanging substantibong batas bilang batayan ay itinuturing na riders.	
KONDISYONAL NA PAGPAPATUPAD			
Kakayahang magamit ang laang halaga sa isang piskal na taon mula sa katapusan ng taon kung saan laan-gugulin ang naturang mga item		Ang mga ahensiya ay kailangan mag-obliga ng allotment nang hindi lalampas sa ika-31 ng Disyembre 2017 upang maisulong ang disiplina sa pananalapi	
Libreng matrikula para sa mga kursong kolehiyo at subsidiya sa matrikula para sa kursong Doctor of Medicine		Samantalang naghihintay ng mga alituntunin mula sa DBM at CHED, bigyan ng prioridad ang mga mag-aaral na may pangangailangang pinansyal ngunit may akademikong kakayahan	
Pagsasakatwiran ng mga programang tulong-matrikula sa mataas na institusyon ng edukasyon		Ang CHED at DBM, sa pakikipag-koordinasyon sa iba't ibang mga stakeholder, ay inaatasang tiyakin na ang mga kasalukuyang ipinatutupad na programang tulong-matrikula ay naiugma sa panukalang pagkakaloob ng libreng matrikula at subsidiya sa matrikula.	
Kakayahang magamit ang laang halaga at mga cash balance sa pagtatapos ng taon hanggang sa ganap na naigugol		Ang Kongreso at COA ay dapat sumuporta sa Ehekutibo sa pagtaguyod ng magkasalong pananagutan sa pananalapi. Ang mga laang halaga na hindi nagastos at mga di-naubliga na allotment na awtorisado ng GAA ay dapat bumalik sa pangkalahatang pondo pagkatapos ng bisa ng mga appropriations at dapat makuha para sa paggasta lamang sa mga susunod na pambatasang paggawa ng batas.	
Subsidiya na bigas para sa militar at unipormadong kawani		Pagtatalaga sa DND at DILG upang matiyak na ang subsidiya na ito ay matatanggap ng militar at unipormadong kawani sa takdang oras at maayos na paraan	

Simpleng Katanungan: Ano-ano ang mga uri ng aksiyon ng pagveto ng Pangulo?


A	B	C	D
Direktang Pagveto Nagpapawalang-bisa sa probisyon, na parang hindi na ito nakasaad sa GAA	Kondisyonal na Pagpapatupad Tinutukoy ang mga kundisyon sa pagpapatupad ng isang probisyon	Pangkalahatang Obserbasyon Pagpapaliwanag kung paano ipatutupad ang isang probisyon	Adopsiyon Ginagawang epektibo at may bisa ang nakapasok na proviso o probisyon, at naaangkop sa paglabas ng pondo

DIMENSIYON NG BADYET

Batay sa Sektor (Dating Sistema)*


Ang PT 2017 Badyet ay kumikiling sa mga programa na direktang makikinabang ang mga mahihirap. Ang sektor para sa mga serbisyong panlipunan (social services) ay tatanggap ng pinakamalaking bahagi ng badyet na may 40.3 porsiyento, sinundan ng sektor para sa mga serbisyong pang-ekonomiya (27.6 porsiyento), at ng sektor para sa mga pangkalahatang serbisyo publiko (17.2 porsiyento). Ang bayarin sa pasanang utang ay kumakatawan sa 10.5 porsiyento, samantalang ang tanggulan (defense) ay kumakatawan sa 4.4 porsiyento.

Bahagdag Bahagi ng mga Sektor sa Kabuoang Badyet



Ang alokasyon para sa sektor ng serbisyong panlipunan ay mayroong malaking pagtaas mula 7.7 porsiyento ng GDP (PHP1,119.8 bilyon) noong 2016 kumpara sa 8.4 porsiyento (PHP1,344.8 bilyon) sa 2017 - at inaasahang mas lalo pang lalaki sa 9.1 porsiyento ng GDP pagsapit ng 2022. Ang mga gugulin naman para sa serbisyong pang-ekonomiya ay tataas mula 5.7 porsiyento ng GDP noong 2016 hanggang 6.8 porsiyento pagsapit ng 2022. Ang pambayad sa pasan na utang ay bababa naman bilang porsiyento ng GDP.

Alokasyon sa mga Sektor 2016-2022, bilang porsiyento ng GDP




* Gamit ang Dati/Tradisyonal na Sistema

DIMENSIYON NG BADYET

Batay sa Sektor (Gamit ang COFOG*)


Bahagi ng mga Sektor sa Kabuoang Badyet (sa bilyong Piso)



*Ang Classification of the Functions of Government o COFOG ay isang sistema na binuo ng Organisation for Economic Co-operation and Development upang hatiin sa sampung dibisyon ang mga gugulin ng pamahalaan batay sa kanilang layunin. Bawat dibisyon ay hinati-hati pa ayon sa kanilang mga kategorya.

DIMENSIYON NG BADYET

Batay sa Expense Class



DIMENSIYON NG BADYET

BATAY SA MGA DEPARTAMENTO AT SPF (sa bilyong Piso)


DEPARTAMENTO	2016	2017	% Increase
Congress of the Philippines	13.88	15.44	11.2
Office of the President	2.86	20.21	606.6
Office of the Vice-President	0.50	0.43	(14.0)
Department of Agrarian Reform	10.39	10.14	(2.4)
Department of Agriculture	48.94	45.95	(6.1)
Department of Budget and Management	1.42	1.48	4.2
Department of Education	433.38	568.44	31.2
State Universities and Colleges	49.66	61.44	23.7
Department of Energy	1.87	2.66	42.2
Department of Environment and Natural Resources	22.27	27.35	22.8
Department of Finance	20.22	23.17	14.6
Department of Foreign Affairs	20.78	16.72	(19.5)
Department of Health	124.95	98.40	(21.2)
Department of the Interior and Local Government	125.40	149.36	19.1
Department of Information and Communications Technology	-----	3.59	-----
Department of Justice	13.78	16.56	20.2
Department of Labor and Employment	18.77	11.73	(37.5)
Department of National Defense	117.73	137.44	16.7
Department of Public Works and Highways	397.11	467.66	17.8
Department of Science and Technology	18.22	20.96	15.0
Department of Social Welfare and Development	110.91	128.41	15.8
Department of Tourism	3.64	2.56	(29.7)
Department of Trade and Industry	4.30	4.83	12.3
Department of Transportation	-----	55.70	-----
Department of Transportation and Communications	44.30	-----	-----
National Economic and Development Authority	5.79	5.44	(6.0)
Presidential Communications Operations Office	1.25	1.37	9.6
Other Executive Offices	20.45	45.95	124.7
Autonomous Region in Muslim Mindanao	29.41	33.47	13.8
Joint Legislative-Executive Development Council	2.9 m	3.3 m	13.8
The Judiciary	26.79	32.77	22.3
Civil Service Commission	1.32	1.43	8.3
Commission on Audit	9.33	10.96	17.5
Commissions on Elections	16.16	3.32	(79.4)
Office of the Ombudsman	2.06	2.30	11.6
Commission on Human Rights	0.46	0.75	63.0
SPECIAL PURPOSE FUNDS			
Budgetary Support to Government Corporations	131.75	154.93	17.6
Allocation to Local Government Units	485.83	560.04	15.3
Customs Duties & Taxes, Incl. Tax Expenditures	25.48	19.50	(23.5)
Debt Service Fund-Interest Payments	392.80	334.88	(14.7)
National Disaster Risk Reduction and Management Fund	38.90	15.76	(59.5)
Contingent Fund	2.50	5.50	120.0
Miscellaneous Personal Benefits Fund	96.26	89.10	(7.4)
Pension and Gratuity Fund	109.97	141.92	29.1
KABUOANG BILANG	3,001.80	3,350.00	11.6

Tala: Maaaring di magtugma ang kabuoang bilang dahil sa rounding off.

DIMENSIYON NG BADYET

Batay sa Rehiyon

LUZON




	Badyet	Alokasyon Per Kapita
2017 :	PHP718.0B	PHP16,102
2016 :	PHP628.3B	PHP13,803

VISAYAS



2017 :	PHP328.7B	PHP21,976
2016 :	PHP298.3B	PHP14,916

MINDANAO



2017 :	PHP416.5B	PHP17,257
2016 :	PHP396.9B	PHP15,919

PAMBANSANG PUNONG REHIYON (NCR)




2017 :	PHP536.6B	PHP41,674
2016 :	PHP445.7B	PHP34,856

2015: Actual Population as of August 1, 2001, PSA, Census of Population

Humigit-kumulang PHP2.0 trilyon, o halos 59.7 porsiyento, ng kabuoang PHP3.35 trilyong badyet ay direktang gugugulin sa mga rehiyon upang mapabilis ang pag-unlad sa kanayunan at lungsod na nasa mga lalawigan. Ang halagang ito ay 13 porsiyentong mas mataas kumpara sa alokasyon nitong PHP1.77 trilyon noong 2016, at tinitiyak ang makatwirang bahagi nito sa pambansang badyet.

Pamamahagi ng Badyet Batay sa Rehiyon (Regionalized Budget)


Rehiyon	2017 Alokasyon	Rehiyon	2017 Alokasyon
 Rehiyon I	PHP91.23B	 Rehiyon VIII	PHP96.54B
 CAR	PHP45.62B	 Rehiyon IX	PHP77.61B
 Rehiyon II	PHP72.05B	 Rehiyon X	PHP83.19B
 Rehiyon III	PHP161.72B	 Rehiyon XI	PHP76.41B
 Rehiyon IV-A	PHP170.62B	 Rehiyon XII	PHP82.47B
 Rehiyon IV-B	PHP66.84B	 CARAGA	PHP56.77B
 Rehiyon V	PHP109.94B	 ARMM	PHP40.04B
 Rehiyon VI	PHP119.33B		
 Rehiyon VII	PHP112.88B		

Badyet na Di-Batay sa Rehiyon (Non-regionalized Budget), PT 2017

Ang badyet na di-batay sa rehiyon ay binubuo ng mga alokasyong pambansa (nationwide) at nakalagak sa sentral na opisina (central office):

Pambansa (Nationwide) - Tumutukoy sa mga alokasyong ipinamamahagi mula sa mga departamento/ ahensiya papuntang multi-users ng special purpose funds tulad ng Allocation to Local Government Units, Pension and Gratuity Fund at National Disaster Risk Reduction and Management Fund

Sentral na Opisina - Tumutukoy sa mga alokasyong pinangangasiwaan ng Punong Tanggapan na nakalaan para sa mga departamento/ahensiya at Debt Service Fund



ANG SAMPUNG AHENSIYA NA MAY PINAKAMATAAS NA BADYET

Ang sampung ahensiya na may pinakamatataas na badyet ay mayroong kabuoang 50.8 porsiyento ng 2017 Badyet, kompara sa 48.1 porsiyento noong 2016. Ang Kagawaran ng Edukasyon ay tatanggap ng pinakamalaking pagtaas para suportahan ang K-to-12 Program nito. Ang badyet ng Kagawaran ng Agrikultura naman ay bumaba dahil sa mga natapos nang mga proyekto at sa lumiiit na pangangailangang pantustos sa foreign-assisted Philippine Rural Development Project. Ang mas mababang alokasyon para sa Kagawaran ng Kalusugan ay dahil sa paglipat ng National Health Insurance Program nito sa PhilHealth.

 1 Kagawaran ng Edukasyon 2016: PHP433.4B • 2017: PHP568.4B Antas ng Paglago: 31.1%	 2 Kagawaran ng mga Pagawain at Lansangang Bayan 2016: PHP397.1B • 2017: PHP467.7B Antas ng Paglago: 17.8%
 3 Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal 2016: PHP125.4B • 2017: PHP149.4B Antas ng Paglago: 19.1%	 4 Kagawaran ng Tanggulang Bansa 2016: PHP117.7B • 2017: PHP137.4B Antas ng Paglago: 16.7%
 5 Kagawaran ng Kagalingan at Pagpapaunlad Panlipunan 2016: PHP110.9B • 2017: PHP128.4B Antas ng Paglago: 15.8%	 6 Kagawaran ng Kalusugan 2016: PHP125.0B • 2017: PHP98.4B Antas ng Paglago: -21.3%
 7 Kagawaran ng Transportasyon 2016: PHP44.3B • 2017: PHP55.7B Antas ng Paglago: 25.7%	 8 Kagawaran ng Agrikultura 2016: PHP48.9B • 2017: PHP45.9B Antas ng Paglago: -6.1%
 9 Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman 2016: PHP22.3B • 2017: PHP27.3B Antas ng Paglago: 22.4%	 10 Kagawaran ng Pananalapi 2016: PHP19.9B • 2017: PHP23.2B Antas ng Paglago: 16.6%

Kabuoan	2016 Badyet	2017 Badyet
% Parte sa kabuoang Badyet	1,444.9B 48.1%	1,701.8B 50.8%

OFF-BUDGET ACCOUNTS

Ang off-budget accounts ay tumutukoy sa mga rentas o gugulin na hindi nakaangkla sa pambansang badyet, subalit, tulad ng lahat ng pampublikong pantustos, ay isinasailalim sa masusing pagsisiyasat ng Komisyon sa Awdit. Halos 78.3 porsiyento, o PHP48.98 bilyon, ng kabuoang tinatayang PHP62.54 bilyon na napanatiling kita (retained revenues) ng mga piling ahensiya ng gobyerno sa pamamagitan ng off-budget accounts ay gagamitin para pondohan ang ilang guguling pinapayagan ng batas.

Off-Budget Accounts, 2017 (sa milyong Piso)

 Pampamahalaang Unibersidad at Kolehiyo Napanatiling Kita: 17,629.5 (28.2%)* Halaga na Gugugulin: 17,836.4 (36.4%)** Layunin: pambayad sa sahod, ilang guguling pang-araw-araw at capital investments	 Kagawaran ng Kalusugan Napanatiling Kita: 14, 252.7 (22.8%) Halaga na Gugugulin: 12,345.6 (25.2%) Layunin: pagkuha ng gamot, at ilang guguling pang-araw-araw
 Kagawaran ng mga Pagawain at Lansangang Bayan Napanatiling Kita: 6,235.8 (10.0%) Halaga na Gugugulin: 2,392.4 (4.9%) Layunin: proyektong pang-impraestruktura, at pagkukumpuni at pananatili ng mga tirahan ng mga empleado	 Kagawaran ng Paggawa at Empleo Napanatiling Kita: 4,698.0 (7.5%) Halaga na Gugugulin: 1,605.3 (3.3%) Layunin: appeal bond, mga hatol na may kaakibat na pananalapi, mga kautusan ng pansamantalang pagpigil at pagpapatupad sa kaso ng paggawa (labor cases), bukod sa iba pa
 Ang Hudikatura Napanatiling Kita: 4,266.6 (6.8%) Halaga na Gugugulin: 3,507 (7.2%) Layunin: mga alawans ng mga hukom at mahistrado, gugulin sa pagsasanay at pambayad sa sheriff, bukod sa iba pa	 Kagawaran ng Tanggulang Pambansa Napanatiling Kita: 2,304.3 (3.7%) Halaga na Gugugulin: 2,035.6 (4.2%) Layunin: pagpapatupad ng mga proyekto, pambayad sa combat incentive pay, programang guns for peace, bukod sa iba pa
 Iba Pang Tanggapang Ehekutibo Napanatiling Kita: 2,049.4 (3.3%) Halaga na Gugugulin: 1,897.0 (3.9%) Layunin: mga programa ng National Sports Development (1,097.0), mga gastusin sa pagsasanay at iskolarship sa ilalim ng TESDA (701.3), bukod sa iba pa	 Tanggapang Pampanguluhan sa Operasyong Pangkomunikasyon Napanatiling Kita: 1,597.0 (2.6%) Halaga na Gugugulin: 1,383.7 (2.8%) Layunin: mga serbisyong pangkawani, ilang pang-araw araw na gastusin, mga capital outlay at mga gastusin sa produksiyon
 Kagawaran ng Pananalapi Napanatiling Kita: 1,537.9 (2.4%) Halaga na Gugugulin: 412.6 (0.8%) Layunin: pagpapatupad sa mga LGU, mga serbisyong pangkawani, ilang pang-araw araw na gastusin, at mga capital outlay, bukod sa iba pa	 Kagawaran ng Katarungan Napanatiling Kita: 1,512.8 (2.4%) Halaga na Gugugulin: 1,444.9 (3.0%) Layunin: mga serbisyong pangkawani, pagbili ng mga materyales para sa mga proyektong agro-industrial ng Bureau of Corrections, at mga alawans ng mga bilanggo, bukod sa iba pa
 Iba Pa Napanatiling Kita: 6,451.1 (10.3%) Halaga na Gugugulin: 4,115.8 (8.4%) Layunin: pang-araw araw na gugulin ng Pambansang Pulisya ng Pilipinas (PNP), pinagkukunang pondo ng Agro-Industry Modernization Credit and Financing Program (369.4), at mga proyektong may kinalaman sa turismo, bukod sa iba pa	

TOTAL:	Napanatiling Kita	62,535.1
	Halaga na Gugugulin	48,976.6

* Bilang porsiyento ng kabuoang napanatiling kita
** Bilang porsiyento ng kabuoang halaga na gugugulin

MGA PANGUNAHING KATANGIAN NG PAMBANSANG BADYET

BILANG PAGTAGUYOD NG PAMBANSANG PLANONG PANGKAUNLARAN 2017-2022

1. Pagpapabuti ng Samahang Panlipunan ("Malasakit")



2. Pagpapababa sa Mga Di-pantay na Oportunidad Para sa Ekonomikong Pag-Unlad ("Pagbabago")



3. Pagpapataas ng Potensiyal Tungo sa Kaunlaran ("Kaunlaran")



4. Pagtataguyod sa Gumagana at Mapagkalingang Kaligirang Pangkabuhayan



5. Mga Pundasyon Para sa Ingklusibo at Likas-kayang Pag-unlad



1 PAGPAPABUTI NG SAMAHANG PANLIPUNAN ("MALASAKIT")



Mamamayan-Muna, Malinis at Epiyenteng Paghahatid ng Pampublikong Kalakal at Serbisyo



Ang PT 2017 Badyet ay mayroong mga probisyon na tumitiyak ng isang nakikinig at tapat na pamahalaan sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga pamamahalang reporma, pagpapayabong ng partisipasyon at pagtitiyak nang maagap na paglikom ng publiko sa impormasyon.

Mga ilang target ay:



PHP3.0 bilyon badyet ng Department of Information and Communications Technology ay mayroong probisyon para sa Technology for Education (Tech4Ed) na maghahatid sa gobyerno at iba pang mga gawain na may kinalaman sa ICT sa mga napag-iwanan at napapabayaang mga komunidad

Karagdagang 500 Tech4Ed centers sa katapusan ng 2017



Pagbubuo ng Budget and Treasury Management System (BTMS) bilang paunang hakbang para makamit ang isang government integrated financial management information system

2017: Paggana ng BTMS portal, Budget Execution, Cash Management, Budget Management modules



Bilang ng mga ahensiya ng pamahalaan sa ilalim ng Sangay Tagapagpaganap (Executive Branch) na mayroong Freedom of Information (FOI) Manuals

2017: 100% (185 NGAs at GOCCs)
2016: 71% (131 NGAs at GOCCs)

Pagtataguyod sa Kultura at Pagpapahalagang Filipino



Paggamit ng Sining sa Pagpapalago ng Ekonomiya

Bilang suporta sa pagyabong ng mga industriya ng sining, ang pamahalaan ay naglalaan ng pondo upang itaguyod ang sining at kultura sa bansa.



PHP838M

para sa Cultural Center of the Philippines na gagamitin sa pagpapatayo ng Artists' Center at New Performing Arts Theatre, mas mataas nang 50 porsiyento mula sa PHP557 milyong pondong nakalaan noong 2016



PHP95M

para sa Design Center of the Philippines upang isulong ang paggamit ng magandang disenyo at pagkamapanlikha sa mga SMEs, at pagtibayin ang industriya ng disenyo sa bansa



PHP131M

para sa Philippine High School for the Arts upang linangin ang talento ng mga malikhaing estudyante, mas mataas nang 28.5 porsiyento kaysa PHP102 milyon noong 2016



Mabilis at Patas na Pangangasiwa ng Hustisya



Ang PT 2017 Badyet ay naka-angkla sa paninindigan ng pamahalaan na makamit ang layunin nitong magkaroon ng isang magkakatugma-tugmang paghahatid ng hustisya na mabilis, patas at moderno.

Upang masiguro ang epektibong pagpapatakbo ng hustisya, PHP16.6 bilyon ay inilaan sa Kagawaran ng Hustisya, na kumakatawan sa 20.2 porsiyentong pagtaas mula sa antas nito noong 2016 na PHP13.8 bilyon. Ang mga pangunahing inaasahang maisasakutaparan ay:

Tuntunin ng Batas

- 325,000 naimbestigahang reklamong kriminal at nalutas ng mga taga-usig
- 75% pag-uusig na may kanais-nais na paghatol
- 17,000 hininging tulong-legal na naasikaso



Para sa 2017, ang Hudikatura ay tatanggap ng pagtaas na 22.4 porsiyento, o PHP6.0 bilyon, na ngayon ay PHP32.8 bilyon mula sa PHP26.8 bilyon noong 2016 para pondohan ang mga programa tulad ng:



- PHP1.1B** Enterprise Information System Plan para magtayo ng mga eCourts na kinapapalooban ng malawakang paggamit ng korte ng ICT sa parehong adjudicative at non-adjudicative na tungkulin. Pinaigting ng mga eCourts ang katarungan at katapatan sa pamamagitan ng pagbabawas ng impluwensiya ng mga di tamang pagpapasiya at pangingialam ng indibidwal sa kabuoang buhay ng kaso.
- 207,791** naresolbang kaso/nadesisyunan ng mga Panrehiyong Hukuman sa Paglilitis
- 41,857** naresolbang kaso/nadesisyunan ng mga Pambata at Pampamilyang Hukuman

2 PAGPAPABABA SA MGA DI-PANTAY NA OPORTUNIDAD PARA SA EKONOMIKONG PAG-UNLAD ("PAGBABAGO")

Pagpapalawak ng mga Oportunidad na Pang-ekonomiya sa Industriya



Malaki ang maibabahagi ng lumalagong sektor ng MSME sa Pilipinas sa pag-asenso ng ekonomiya. Gamit ang PHP4.8 bilyong badyet para sa 2017, 12.2 porsiyentong itinaas mula sa nakalaang pondo noong 2016, ang Kagawaran ng Pangangalakal at Industriya (DTI) ay naglalayong tulungan ang mga MSME sa pamamagitan ng mga programa at proyektong ipatutupad nito.



PHP530 milyon ang nakalaan sa pagpapatayo ng dagdag na 150 Negosyo Centers, pagpapanatili ng kasalukuyang 118 centers, at pagtulong sa 15,000 MSMEs.

Layunin ng mga Negosyo Center na pabilisin ang proseso, operasyon, at serbisyo ng mga MSMEs.



PHP211 milyon ang inilalaan para sa Bamboo Industry Development Project, Livelihood Seeding Program, at One Town One Product (OTOP): Next Generation upang hikayatin ang pagnenegosyo na lilikha ng mas maraming trabaho.



PHP70 milyon ay para sa Shared Service Facilities Program upang maging mas produktibo at mas may kakayahang makipagsabayan ang mga MSME at matugunan ang mga problema sa industriya.



PHP1.0 bilyon ay ibinibigay sa Small Business Corporation, na maliban pa sa badyet ng DTI, para sa programang Pondo sa Pagbabago at Pag-asenso upang magbigay ng loan o pautang nang walang interes sa mga maliliit na negosyo.



Pagpapalawig ng mga Oportunidad sa mga Serbisyo

Upang mapakinabangan nang husto ng mga tao ang mga benepisyon ng hatid ng mga sektor tulad ng turismo at business process outsourcing, na ang bansa ay may angking bentahe:

PHP12.3 bilyon

ay nakalaan sa Tourism Road Infrastructure Program upang gumawa at magkumpuni ng mga kalsada at tulay papunta sa mga turismong destinasyon na itinakda sa National Tourism Development Program.

PHP2.4 bilyon

ay nakalaan sa skills training ng 322,000 na magpapatala (enrollees) at 289,800 na magsisipagtapos sa ilalim ng Training for Work Scholarship Program (TWSP), kung saan kasama rin ang scholarship vouchers para sa business process outsourcing, konstruksiyon at turismo, bukod sa iba pa.

Pagpapalawig ng mga Oportunidad na Pang-ekonomiya sa Agrikultura, Paggugubat, at Palaisdaan



Ang Administrasyong Duterte ay naglaan ng halagang PHP108.4 bilyon para sa agrikultura, paggugubat, at palaisdaan, na PHP96.1 bilyon ay nakalaan para sa pagpapaunlad ng agrikultura. Ang sektor na ito ay tumututok lalo na sa produktibidad ng mga magsasaka at mangingisda, at sa pagpapalawig ng kontribusyon ng ating mga kagubatan sa pag-unlad ng ekonomiya sa pamamagitan ng sari-saring produkto tulad ng playwud, biofuel, papel at kawayan.



PHP45.95B

ay laan sa Kagawaran ng Agrikultura (DA) para tustusan ang R&D, market development, suporta sa serbisyong pautang, at ang konstruksiyon at rehabilitasyon ng 541 km ng mga kalsadang mula bukid hanggang palengke.



PHP561M

ay laan sa Rice Research and Development Program ng Surian ng Pilipinas sa Pananaliksik ng Palay



PHP18.9B

ay laan para sa Pambansang Programa sa Palay, Mais, High Value Crops Development, Organic Agriculture at Paghahayupan upang itaas ang produksiyon ng mga mahahalagang pananim na may potensiyal sa export (tulad ng saging, pinya, mangga, kakaw, kape at rubber), ng mga paghahayupan (tulad ng baboy at manok), at bangus.



PHP1.4B

ay laan sa Pangasiwaan sa Niyog ng Pilipinas upang mapalaki ang karaniwang kita ng mga magsasaka ng niyog kada taon sa bawat isang ektarya, mula PHP20,000 na aabot sa PHP40,000 sa 2017.



PHP1.4B

ay laan sa Pangasiwaang Tagapamahala sa Asukal upang tulungan ang mga magsasaka ng asukal na maiangat ang kanilang produksiyon mula 2.23 MT patungong 2.3 MT sa 2017.



PHP386M

ay laan sa pagpapatupad ng mga programang sumusuporta sa mga nagtatanim ng tabako.



PHP38.4B

ay laan sa Pambansang Pangasiwaan sa Patubig para sa konstruksiyon, pagpapanatili, rehabilitasyon at pagsasaayos ng mga pasilidad sa patubig.

Mga Magsasakang Makikinabang: 1.1 million
Mga Lugar na Napatubigan:



Panahon ng Tagtuyot: 886,067 ektarya



Panahon ng Tag-ulan: 977,496 ektarya



PHP2.5B


ay laan sa mga serbisyong may kinalaman sa pasesgurahan sa pananim sa ilalim ng Korporasyon sa Seguro sa Pananim ng Pilipinas upang protektahan ang higit na nangangailangang 921,770 magsasaka at mangingisda.



PHP5.1B

ay laan sa Korporasyon sa Seguro sa Pananim ng Pilipinas (NFA) upang pondohan ang Food Security Program, kasama ang pag-aangkat ng halos 10 porsiyento ng mga tinatayang pangangailangan sa bigas ng bansa.

Dami (sa metriko tonelada)	2015	2016	2017
Dami ng Produksiyon ng Palay (DA)	18.15M MT	17.63M MT	20.79M MT
Dami ng laangkat na Palay (NFA)	219,800 MT	211,292 MT	291,945 MT



PHP4.1B

ay laan sa Pambansang Programa sa Palaisdaan upang dagdagan, bukod sa iba pa, ang kabuoang produksiyon ng mga isdang kalakal para sa seguridad sa pagkain, tulad ng tilapia, bangus at mga sardinas, mula 1,079,351 MT noong 2016 patungong 1,092,000 MT ngayong 2017.



PHP225M

ay laan sa Pangasiwaan ng Pilipinas sa Pagpapaunlad ng Pangisdaan upang gumawa, ayusin at kumpunihin ang mga daungan ng mangingisda.



PHP200M

ay laan sa pagpapatupad ng Herd Build-up Program, Dairy Enterprise Development Program, at Market Development Program ng Pambansang Pangasiwaan sa Gatas.




PHP259M

ay laan sa Surian sa Pagpapaunlad ng mga Produktong Gubat upang tustusan, bukod sa iba pa, ang mga probisyon para sa pananaliksik at pagpapayabong ng kagubatan, at ang rehabilitasyon ng mga pasilidad sa biomass energy, sapal at papel.

MABILIS NA KAALAMAN


Ang 2017 GAA ay inaatasan ang DENR na magtabi ng bahagi ng PHP3.0 bilyong halaga ng National Greening Program para sa pagtatanim muli ng mga puno ng kawayan, niyog at bakawan na itinuturing na napakahalaga dahil sa marami nitong kapakinabangan at sa pagbibigay ng dagdag na kabuhayan sa ating mga katutubo at lokal na komunidad.



Pagpapababa sa Mga Di-Pantay na Oportunidad Para sa Pag-unlad ng Tao – Nutrisyon at Kalusugan



Alinsunod sa pangako ng pamahalaan na mamuhunan sa kakayahan ng mamamayan at suportahan ang minimithi ng mga Filipino na maging masigla, PHP158.3 bilyon ang inilaan para sa sektor ng kalusugan, isang pagtaas nang 19.2 porsiyento mula sa antas nito noong 2016.



Mga Programang Pangkalusugan na Mapang-iwas at Mapagtaguyod

PHP98.40 bilyon, o halos dalawang-katlo (two-thirds) ng kabuoang badyet para sa sektor ng kalusugan, ay isasakatuparan ng Kagawaran ng Kalusugan. Ang halagang ito ay kumakatawan sa 21.4 porsiyentong pagtaas kumpara sa antas nito noong 2016 na PHP81.06 bilyon. Ang mga pangunahing programang sinusuportahan nito ay:



Health Human Resource Program (PHP7.8B) pagkuha ng mga bagong health personnel para masiguro ang paghahatid ng mga pangunahing serbisyong pangkalusugan, lalo na sa mga liblib na lugar.



Early Childhood Care and Development Program (PHP294M) sa ilalim ng Pambansang Sanggunian sa Nutrisyon para mabigyan ang lahat ng 9.3 milyon na mga batang may edad limang taon pababa ng mahahalagang bitamina at mineral.



National Immunization Program (PHP7.1B) para mapasailalim sa imyunisasyon ang lahat ng 2.4 milyong bata sa buong bansa laban sa mga sakit na kayang maiwasan sa pamamagitan ng bakuna tulad ng dipterya, tigdas at rubella (German measles).



Other Infectious Diseases Program (PHP1.969B) para mabawasan ang epekto sa kalusugan ng mga nakahahawang sakit, at palakasin ang paghahanda at pagtugon sa mga lumilitaw at papalitaw pa lamang na mga sakit.



Tuberculosis Control Program (PHP1.3B) para makasiguro na 90 porsiyento ng mga paggagamot ay matagumpay.

Health Facilities Enhancement Program



Ang Health Facilities Enhancement Program (HFEP) ay tatanggap ng PHP24.2 bilyon:

PHP11.5 bilyon

para pambili ng mga kagamitang pang-ospital para maisaayos at mapalawak ang mga pasilidad na pangkalusugan ng gobyerno.

PHP12.7 bilyon

para makagawa, maisaayos, mapalawak at makumpuni ang mga estasyong pangkalusugan sa mga barangay, rural health units, ospital ng mga LGU at rehabilitation centers sa droga, bukod sa iba pa.

National Health Insurance Program



Ang National Health Insurance Program (NHIP) ay makatatanggap ng PHP53.2 bilyon upang makasiguro na ang mga mamamayang mabababa ang kinikita ay mananatiling malusog at magiging produktibo sa kanilang mga trabaho, na mauwi sa mas mataas na oportunidad na kumita nang malaki. Inuuna ng alokasyon na ito ang mga pinakadukha, kasama ang mga napapabilang sa impormal na sektor at matatanda:

15.5M

mga maralitang pamilya batay sa National Household Targeting System

5.5M


mahihirap na matanda

48,221

mga benepisyado ng PAYapa at MASaganang PamayaNAn (PAMANA)



Pagpapababa sa Mga Di-Pantay na Oportunidad Para sa Pag-unlad ng Tao – Edukasyon



BATAYANG EDUKASYON

Sa halagang **PHP568.4 bilyon**, ang Kagawaran ng Edukasyon ang nakakuha ng pinakamalaking parte ng badyet na inilaan sa mga departamento sa Ehekutibo na magpopondo sa mga programa at proyekto para sa 21.9 milyong mag-aaral. Ang halagang ito ay 31.1 porsiyento na mas mataas kompara noong nakaraang taon na PHP433.4 bilyon.

Ang implementasyon ng K-to-12 program ay nangangailangan ng karagdagang input na pang-edukasyon tulad ng:

Lakas-Tao

2017: PHP19.4B
2016: PHP16.9B
↑ ng 14.8 porsiyento




Upang pondohan ang paglikha ng:

- 53,831 teaching positions
- 13,280 non-teaching positions para sa pampublikong paaralan sa elementarya at sekundarya

Pasilidad

2017: PHP118.8B
2016: PHP82.3B
↑ ng 44.3 porsiyento



Upang pondohan ang pagpapatayo/pagbili ng:

- 47,492 silid-aralan
- 69,106 set ng school furniture para sa 2.9 milyong mag-aaral

Gamit sa Kaalaman

2017: PHP14.4B
2016: PHP13.5B
↑ ng 6.7 porsiyento



Upang pondohan ang pagbili ng:

- 55M libro at materyales sa pagtuturo
- Mga kagamitang pang-Agham at pang-Matematika para sa 8,833 paaralan
- 30,697 computer packages para sa programa sa ICT

Ang pagbibigay ng mas maraming oportunidad sa publiko para sa dekalidad na edukasyon at pagsasaayos ng kabuoang kondisyon sa mga paaralan ay prioridad ng gobyerno ngayong taon.

Upang makamit ito, ang badyet sa sektor ng edukasyon, sa lahat ng antas, ay itinaas. Mahigit PHP663.2 bilyon ang inilaan sa sektor, mas malaki nang 31.6 porsiyento mula sa PHP503.8 bilyon nang nakaraang taon.

2017 Target ng DepEd

	Baseline (2015)	2017 Targets
Net Enrolment Rate Increase		
Kindergarten	53%	72%
Elementarya	90%	94%
Junior High School (HS)	68%	73%
Cohort Survival Rate* Increase		
Elementarya	88%	93%
Junior HS	81%	82%

* Tumutukoy sa porsiyento ng mga mag-aaral na nakaenrol sa unang baitang o taon sa isang taon ng paaralan (school year) kompara sa bilang ng mag-aaral na umabot sa huling baitang o taon ng elementarya/sekundarya (Philippine Statistics Authority, 2016)


TERSIYARYONG EDUKASYON



Mula rito, mayroong **PHP61.4 bilyon** ang mga SUC ngayong taon, mas mataas ng 23.5 porsiyento kompara sa PHP49.7 bilyon noong nakaraang taon.

- Expanded Students' Grants-in-Aid Program for Poverty Alleviation para sa 38,719 benepisyadong mag-aaral

PHP2.4B




Samantala, nakakuha ang CHED ng **PHP19.6 bilyon**, mas mataas nang 102.1 porsiyento kompara noong nakaraang taon na PHP9.7 bilyon.

- Mga Student Financial Assistance Program para sa 463,000 mag-aaral
- Tulong sa matrikula ng mga estudyante na nakapaloob sa Provision for Higher Education Support Program
- K-to-12 Transition Program na tutustos sa graduate studies ng mga 8,726 iskolar, development grants ng 1,883 guro, at 125 benepisyado bilang institutional grants

PHP2.95 bilyon para sa pagbuo ng mga programa tungkol sa makabagong pamamaraan sa pagtuturo ng Agham at ang demokratisasyon ng mga S&T scholarship para sa mga estudyante sa kolehiyo na ipatutupad ng Science Education Institute ng DOST.

PHP2.95B



TEKNIKAL-BOKASYONAL NA EDUKASYON



Ang Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) ang nangunguna sa paghubog ng isang lupon ng manggagawa na dalubhasa, kayang makipagsabayan sa buong mundo, at angkop sa industriya.

Upang makapagbigay ng kaukulang programa at pagsasanay, ang TESDA ay nabigyan ng **PHP6.8 bilyon** ngayong taon.



PHP908M

para sa community-based specialty training ng 66,561 benepisyado upang makahanap ng trabaho na tutugon sa pangangailangan ng kanilang komunidad.

Pagpapatatag sa mga Indibidwal at Pamilya



Binibigyang-importansiya ng pamahalaan ang pagbibigay ng mga benepisyo sa mga indibidwal at sambahayan para makayanan nila ang mga pagsubok na makaaapekto sa kanilang kagalingan. Para sa 2017, ang pangangalagang panlipunan ay makatatanggap ng PHP166.4 bilyon para magbigay ng tulong sa pamamagitan ng mga serbisyong panlipunan (halimbawa, suporta sa pabahay, pensiyon, community-driven development, pangangalaga sa matatanda at mga programang pangkabuhayan), at iba pang cash transfers.

Conditional Cash Transfer Program




Ang Conditional Cash Transfer Program, na kilala rin bilang Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps), ay makatatanggap ng PHP78.2 bilyon. Ito ay 61 porsiyento ng kabuoang alokasyon para sa kagalingang panlipunan. Ang halagang ito ay PHP15.5 bilyon, o 24.7 porsiyento, na mas mataas kompara sa PHP62.7 bilyon noong 2016.

Pensiyon para sa Maralitang Matatanda



Upang matugunan ang kahirapan ng matatanda, halos PHP17.9 bilyon ay inilaan para sa Social Pension for Indigent Senior Citizens na makikinabang ang lahat ng maralitang matatanda na may edad 60 pataas.



Mga Benepisyado ng 4Ps



- 4,402,253 sambahayan**
Regular 4Ps [binubuo ng mga naghihikahos na pamilya batay sa National Household Targeting System for Poverty Reduction (NHTS-PR)*]
- 218,377 sambahayan**
Modified 4Ps (binubuo ng mga pamilyang walang permanenteng tirahan at palaboy-laboy, mga katutubo, at mga pamilyang may natatanging pangangailangan)
- PHP23.4B**
Probisyon para sa alawans sa bigas sa 3 milyong benepisyado ng CCT (20 na kilo ng bigas kada buwan sa mga karapat-dapat na kasambahay sa loob ng 12 na buwan)

*Ang NHTS-PR ay isang information management system na ginagamit ng DSWD para malaman kung sino at saan ang mga mahihirap sa bansa.



Community-driven Development

Ang PHP10.2 bilyon para sa programang Kapit-Bisig Laban sa Kahirapan-Comprehensive and Integrated Delivery of Social Services (KALAHI-CIDSS) ay naglalayong magbigay-kapangyarihan sa mga komunidad sa pamamagitan ng pagsali sa kanila sa pagbabalangkas, pagpapatupad, at pangangasiwa ng kanilang mga gawaing pagpapaunlad na naglalayong bawasan ang kahirapan.


Sa 2017, ang mga makikinabang sa KALAHI-CIDSS ay 15 rehiyon; 58 lalawigan; 781 munisipalidad; at 18,506 barangay.

3 PAGPAPATAAS NG POTENSIYAL TUNGO SA KAUNLARAN ("KAUNLARAN")

Pagpapataas sa Demograpikong Dibidendo




Sa 2017, ang PHP4.27 bilyong badyet para sa Responsible Parenthood Program ay kumakatawan sa 87 porsiyentong pagtaas, o halos PHP2.0 bilyon, kompara sa antas nito noong 2016 na PHP2.28 bilyon.




Ayon sa Komisyon sa Populasyon, ang Responsible Parenthood ay "ang kalooban at kakayahan ng mga magulang na tugunan ang mga pangangailangan at aspirasyon ng pamilya at mga bata. Ito ay katuwang na responsabilidad ng mag-asawa para malaman at makamtan ang tamang dami, pagitan, at tiyempo ng kanilang mga anak batay sa kanilang mga pangarap, na isinasalang-alang ang kahandaan sa pag-iisip, kalagayan ng kalusugan, at sosyo-kultural at ekonomikong pananagutan."

Ang PHP423 milyong badyet ng Komisyon sa Populasyon ay naglalayong itaas ang bahagdan ng kababaihang may asawa na nasa reproductive age (15-19) na gumagamit ng mga pampapigil sa pagbubuntis—na tinatawag din na contraceptive prevalence rate—mula sa umiiral na 49 porsiyento patungong 60 porsiyento ngayong 2017.



Iba pa:
Calendar method
Injectibles
IUD
Condom para sa mga lalaki
Vasectomy (isterilisasyon ng lalaki)
Natural na paraan ng pagpapalano ng pamilya



Pinagmulan: Philippine Statistics Authority

Pagtataguyod ng Teknolohiya at Inobasyon

Bawat bansa ay naghahangad ng kaunlaran. Sa pamamagitan ng 2017 Badyet, nilalayan ng pamahalaan na isulong ang agham at makabagong teknolohiya para sa sama-sama at tuluyang pag-unlad.

Agham at Teknolohiya para sa Pambansang Kaunlaran

Ang Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST) ay pinagkakalooban ng PHP21.0 bilyon (15.4 porsiyentong mas mataas kaysa PHP18.2 bilyong laan noong 2016) upang itaguyod at pabilisin ang pagyakap sa makabagong teknolohiya, at paigtingin ang pagkamalikhain sa bansa.



Small Enterprise Technology Upgrading Program (SET-UP)

Mula Enero hanggang Disyembre 2016, 722 MSMEs na ang natulungan at nabigyan ng kaalamang panteknolohiya upang maging mas produktibo at kayang makipagsabayan ang mga ito.

PHP815M upang suportahan ang pag-unlad ng 754 MSMEs, at matugunan ang kanilang mga teknolohikal na pangangailangan



PAGASA Modernization Program

Sa pagsapit ng Disyembre 2016, nakapag-instala na ng 271 bagong hydrometeorological station sa buong bansa para mamonitor ang mga sistema ng ulan at ilog.

PHP1.3B upang gawing makabago ang teknolohiya at sistema ng PAGASA nang mapaigting ang gampanin nito sa paghahatid ng impormasyon at serbisyong may kinalaman sa panahon

Science Education Institute (DOST-SEI) Grants and Scholarships

PHP2.9M upang matulungan ang makapag-aral ang tinatayang 22,723 benepisyadong iskolar at mapahusay ang kakayahan at dunong ng mga Filipino sa larangan ng agham at inhenyeriya

Pagpapalago sa Industriya ng ICT

Upang mas mapabilis ang pag-unlad ng industriya ng ICT sa Pilipinas at bigyan ito ng kakayahang makipagsabayan sa ibang bansa, ang Department of Information and Communications Technology (DICT) ay pinaglalaanan ng PHP3.6 bilyon para sa 2017.

PHP1.8B upang mabigyan ng libreng Wi-Fi connectivity ang mga benepisyadong lugar

PHP463M para sa paglinang ng ICT resources ng pamahalaan upang magkaroon ng mas maayos na operasyon sa lahat ng mga ahensiya at mabigyan ng mas magandang serbisyo ang publiko sa pamamagitan ng National Government Data Center Infrastructure



4 PAGTATAGUYOD SA GUMAGANA AT MAPAGKALINGANG KALIGIRANG PANGKABUHAYAN

Mabisang Patakarang Makroekonomiks


PAGPAPATULOY AT PAGPAPANATILI SA KASALUKUYANG PATAKARANG MAKROECONOMIKS

Ang 2017 Badyet ay nakaangkla sa pagtitiyak sa walang-patid na paglawak ng ekonomiya sa pamamagitan ng patuloy na pagpapabuti ng mga ekonomiyang patakaran ng bansa.

Alam mo ba?

Noong ika-11 ng Oktubre 2016, nilagdaan ni Pangulong Duterte ang Executive Order Blg. 5 na magpapatupad sa gabay para sa planong pagpapaunlad (development plan) ng bansa. Ang tinaguriang "Ambisyon 2040" ay isang 25-taóng plano tungo sa pag-ahon sa karukhaan.

Pinagmulan: Investors Relations Office



PAGTATATAG NG PROGRESIBONG REPORMA SA BUWIS AT HIGIT NA MABISANG KOLEKSIYON NG BUWIS

Pahusayin ang koleksiyon ng buwis

Palawakin ang saklaw ng Large Taxpayers Service ng Kawanihan ng Rentas Internas at pagsasaayos ng proseso ng pagkuha ng permit sa pag-angkat mula sa Kawanihan ng Adwana

Pasimplehin sa anim lámang ang bilang ng mga saklaw sa kitang pambuwis

Ang kabuoang antas ng buwis ay unti-unting bababâ sa susunod na mga taon ng pagpapatupad at magdudulot ng pagkalugi ng kita sa panig ng gobyerno, ngunit palalawigin nito ang dagdag panggastos ng mga manggagawang Filipino

Magpataw ng buwis sa mga produktong matatamis at may taba

Inaasahang PHP23.1 bilyon ang malilikom sa ikalawang bahagi ng taóng 2017, na aakyat sa PHP48.6 bilyon pagdating ng 2018

Ibatay ang kinakaltas na buwis sa gasolina, krudo, at iba pang produktong petrolyo sa antas ng implasyon

Inaasahang PHP36.0 bilyon halaga ng kita ang malilikom sa ikalawang bahagi ng taóng 2017, na aakyat sa PHP120.6 bilyon pagdating ng 2018.

Palawigin ang mga sakop sa pagpapataw ng VAT

Inaasahang PHP30.4 bilyon ang malilikom sa ikalawang bahagi ng taóng 2017, na aakyat sa PHP94.2 bilyon pagdating ng 2018.



Patakaran sa Pambansang Kompetisyon


Ang pamahalaan ay sumusuporta sa mga programang pang-ekonomiya upang bumuo ng isang mapagpaganang ekonomiyang kapaligiran sa pamamagitan ng pagbabawas ng mga pigil-kompetisyon na pamamaraan, mga balakid sa pagpasok at limitasyon sa pagnenegosyo. Ang badyet ay gagamitin upang gawing mas globally competitive at makabago ang mga sektor ng industriya at serbisyo sa bansa.



Ang pamahalaan ay nangangakong tatanggalin na ang red tape at katiwalian sa pamamagitan ng automating, streamlining at pagkompleto sa pagproseso ng mga permit at lisensiya sa negosyo sa loob lamang ng tatlong araw.

1,419 na lungsod at munisipalidad (87 porsiyento ng kabuoang bilang) ang nakapag-streamline na ng proseso sa pag-iisyu ng permit ng negosyo sa pagsasara ng taóng 2016.^{1/}

Alinsunod sa Davao City Model, hangad ng pamahalaan na pababain ang antas ng krimen upang makaakit ng mas marami pang negosyo sa mga rural area at malalayong munisipyo.



Nakaangkla sa O+10 socioeconomic agenda, layunin ng pamahalaan na itaas ang kabuoang competitiveness ng bansa sa pamamagitan ng pagbawas ng kriminalidad at ng paghuhusay sa kadalian ng pagsimula ng negosyo.

Itutuloy ng pamahalaan ang pagluwag ng limitasyon, ayon sa Saligang-Batas, sa dayuhang pagmamay-ari, liban sa pagmamay-ari ng mga lupain, upang maakit ang mga direktang dayuhang pamumuhunan. Sa taóng 2017, inaasahan ng Konseho ng Pamumuhunan [Board of Investments (BOI)] ang paglago ng pamumuhunan nang hindi bababâ sa 13 porsiyento, at ang paglampas sa PHP500 bilyong takda.^{2/}

Mga Pamumuhunang Inaprubahan ng BOI (sa milyong Piso)

	2015	2016
Local	59,507.04	89,395.89
Foreign	307,235.12	352,649.09
Total	366,742.16	442,044.98

Mula sa ika-57 sa 138 bansa noong 2016, ang Pilipinas ay malalapit na sa layunin nitong mapabilang sa itaas na 33 porsiyento sa ranggo ng Global Competitiveness Index (GCI) sa darating na 2019.

Global Competitiveness Score

Taon	2016	2017	2018	2019
Global Competitiveness Index	4.36 (top 40%)	>4.36	>4.40	>4.50 (top 33%)

Pinagmulan: Philippine Development Plan 2017-2022

^{1/} Tanggapang Pampanguluhan sa Operasyong Pangkomunikasyon (PCOO)

^{2/} Konseho ng Pamumuhunan (BOI)

5 MGA PUNDASYON PARA SA INGKLUSIBO AT LIKAS-KAYANG PAG-UNLAD

Kapayapaan at Kaunlaran




Ang 2017 Badyet ay sumusuporta sa pangako ng Pangulo na ipatupad ang lahat ng kasunduang pangkapayapaan, palawigin ang kultura ng kapayapaan at conflict sensitivity sa pagsusulong ng kapayapaan at kaunlaran, at suportahan ang pag-unlad ng mga lugar na apektado ng mga labanan.

Ang ibig sabihin ng conflict sensitivity sa pagsusulong ng kapayapaan at kaunlaran ay ang pagsisiguro ng pamahalaan na ang lahat ng mga programa nito ay hindi makapagpapalala ng mga bagay at sitwasyon na may kinalaman sa labanan (UNICEF 2012).

Programang PAMANA

Ang Payapa at Masaganang Pamayanan (PAMANA) ay isang convergence program na nagbibigay ng mga tulong pangkaunlaran tulad ng elektripikasyon, mga kalsadang mula bukid hanggang palengke, at irigasyon, bukod sa iba pa.

Para sa 2017, ang programa ay makatatanggap ng PHP8.1 bilyong badyet, kasama ang probisyon para sa suportang pangkaunlaran sa mga lugar na kalalayá lamang sa kaguluhan.



Iba Pang Ninanais:



Implementasyon ng Government of the Philippines-Moro Islamic Liberation Front Comprehensive Agreement on the Bangsamoro (GPH-MILF-CAB)



Resolusyon ng 100% ng mga natukoy na isyu at iba pang dapat pagtuunan ng pansin tulad ng karapatang pantao at paglisan ng mga tao sa kanilang mga tirahan dulot ng kaguluhan



Seguridad at Kaayusang Pambayan

Pambansang Tanggulan



Para maprotektahan ang bansa laban sa mga bantang panlabas at terorismo, ang Sandatahang Lakas ng Pilipinas (AFP) ay nilaanan ng PHP177.2 bilyon, halos 10.0 porsiyentong mas mataas kaysa sa antas nito noong 2016 na PHP161.1 bilyon. Sa halagang ito:

PHP25.0B = para sa AFP Modernization Program bilang pambili ng mga sandata, kagamitang pangmatyag, mga sasakyan at kagamitang pangkomunikasyon na kailangan upang mapanatili ang kapayapaan at kaayusan.

Kaayusang Pambayan at Kaligtasan



Ang Pambansang Pulisya ng Pilipinas (PNP) ay mayroong mandato na panatilihin ang kaayusang pambayan at kaligtasan. Upang maisakatuparan ito, PHP111.8 bilyon ang inilaan para mapaigting ang kampanya ng pamahalaan laban sa kriminalidad at ilang elementong lumalabag sa batas.


2017 = PHP111.8 bilyon (mas mataas nang PHP23.2 bilyon)
2016 = PHP88.6 bilyon

Pakikilahok ng Komunidad/Mobilisasyon



Upang maengganyo ng gobyerno ang mga boluntaryo na labanan ang kriminalidad, katiwalian, at droga, PHP500 milyon ang inilaan sa 2017 para sa programang Mamamayang Ayaw sa Anomalya, Mamamayang Ayaw sa Iligal na Droga (MASA-MASID) ng DILG na inilunsad noong Setyembre 2016.

Reporma sa Sahod



Kaakibat ng pangako ng Pangulo na maiangat ang sahod ng ating mga unipormadong kawani na nagbibigay ng seguridad sa bansa, ang PNP, AFP, at iba pang unipormadong serbisyo ay pinagkalooban ng kabuoang PHP39.6 bilyon para sa pagtaas ng sahod, kasama na ang combat pay at incentive pay.

Pag-unlad sa Impraestruktura



Sa kauna-unahang pagkakataon, ang gugulin para sa mga proyektong impraestruktura sa ilalim ng 2017 badyet ay umabot sa 5.3 porsiyento ng GDP, kompara sa karaniwang 2.9 porsiyento mula noong 2010. Sa halagang PHP847.2 bilyon, ito ay kumakatawan sa halos sangkapat (quarter) ng pambansang badyet at mas mataas nang 12 porsiyento kompara noong 2016 badyet na PHP756.4 bilyon.

Daanang Pantransportasyon

Sa 2017, ang mga daanang pantransportasyong nagkakahalaga ng PHP347.8 bilyon ay kumakatawan sa pinakamalaking parte ng paggasta sa impraestruktura. Isasakatuparan ng Kagawaran ng mga Pagawain at Lansangang Bayan (DPWH), Kagawaran ng Agrikultura (DA), Rehiyong Awtonomo ng Muslim Mindanao (ARMM), at mga pamahalaang lokal, ang mga ito ay kinabibilangan ng:

- PHP216.9B** para sa National Road Network Services
- PHP31.1B** para sa Mindanao Logistics Infrastructure Network (mga lansangang bayan at tulay sa buong Mindanao)
- PHP2.5B** para sa DOTC-Road Transport Infrastructure Project
- PHP1.0B** para sa Cebu Bus Rapid Transit (BRT) Project



Transportasyong Panriles

Upang mapabilis ang pagpapagawa ng sistemang transportasyon sa riles, itinaas ng 76.8 porsiyento ng pamahalaan, mula sa PHP12.5 bilyon ay naging PHP22.1 bilyon, ang alokasyon para sa transportasyon sa riles sa ilalim ng Kagawaran ng Transportasyon. Ang halagang ito ay para sa mga proyekto tulad ng:

- PHP3.4B** Konstruksiyon ng LRT Line 1 Cavite Extension (magdurugtong sa Baclaran, Parañaque papuntang Bacoor, Cavite)
- PHP2.5B** North-South Commuter Rail Project Phase I (magdurugtong sa Tutuban, Maynila papuntang Malolos, Bulacan)
- PHP7B** Unang taon ng implementasyon ng North-South Rail Project Phase II (magdurugtong sa Tutuban, Maynila papuntang Matnog, Sorsogon)
- PHP4.8B** subsidyo sa MRT 3 upang mapanatili ang mababang singil sa pamasah

Transportasyong Panghimpapawid

Ang badyet ay nagtatabi ng PHP6.8 bilyon para gawing moderno ang sistema ng transportasyong panghimpapawid ng bansa sa taóng 2017.



PHP2.2B para sa New Bohol (Panglao) Airport



PHP675M para sa Bicol International Airport




PHP341M para sa Cotabato Airport



Public-Private Partnership (PPP)

Ang pamahalaan ay patuloy na nagpapatupad ng mga reporma upang magamit ang puhunan at kadalubhasaan ng pribadong sektor sa konstruksiyon ng mga kritikal na impraestruktura at iba pang serbisyong panlipunan sa pamamagitan ng pagpapabilis ng paglulunsad ng mga proyektong PPP.

Sa huling talâ noong Disyembre 2016, ang PPP ay mayroong 53 proyektong may kabuoang halaga na PHP5.9 trilyon. Sa 2017, nilalayan ng Sentro ng PPP (PPP Center) na magsagawa ng 5 pang proyekto na idadagdag sa 53 proyekto. Sa talâ nitong Enero 2017, 15 PPP na mga kontratang proyekto na nagkakahalaga ng PHP317 bilyon ang naigawad na.



Transportasyon sa Maritima

Itinaas ng pamahalaan ang badyet nito para sa transportasyong maritima sa PHP4.2 bilyon, halos doble ng halaga noong 2016.

- PHP1.8B** para sa Maritime Safety Capability Improvement Project
- PHP1.03B** para sa Capacity Development ng mga Daungan ng Pilipinas (Philippine Ports) at Tanod Baybayin (Coast Guard)



Pagtitiyak sa Integridad ng Ekolohiya, Malinis, at Malusog na Kaligiran



Upang matupad ang mithiin ng mga mamamayan para sa mas ligtas at mainam na pamumuhay, ang pamahalaan ay naglalaan ng pondo para pagtibayin at ihanda ang mga komunidad sa panahon ng sakuna.

Sinusuportahan ng 2017 Badyet ang mga programang naglalayong mapangalagaan ang kaligiran at mapabuti ang kaalaman at kakayahan ng mga tãong tumugon sa mga panganib na dulot ng nagbabagong klima.

A. KAALAMAN PARA SA KALIGTASAN AT PAGHAHANDA

PHP3.3 bilyon ang nakalaan para sa Philippine Atmospheric, Geophysical, and Astronomical Services Administration (PAGASA) upang makapagbigay ng wastong pampublikong impormasyon at serbisyo ukol sa panahon at klima, mas malaki nang PHP1.2 bilyon kompara noong 2016.

PHP295.9 milyon ay para sa National Geohazard Assessment Program ng DENR-Mines and Geosciences Bureau (DENR-MGB) upang turuan ang 12,979 barangay kung paano gumamit ng geohazard maps.

B. PANGANGALAGA SA KALIGIRAN

PHP7.1 bilyon ang inilalaan para sa National Greening Program ng DENR para muling tamnan ang 183,552 ektarya ng lupa at magpalago ng 171 milyong punla, na: PHP6.9 bilyon ay para sa forest development, at PHP131 milyon ay para sa clonal nurseries.

PHP238.1 milyon ang nakalaan para sa Clean Air Regulations Program upang bawasan at pahupain ang air pollutants, kasama na ang pagpapatakbo at pagpapanatili ng mga 49 automatic air station, 21 Total Suspended Particulate (TSP) manual, at 25 Particulate Matter 10 (PM10) manual.

C. PAGPAPATATAG NG MGA KOMUNIDAD

PHP65 milyon ay para sa Climate Change Commission (CCC) upang maipabilang ang mga patakaran ukol sa climate change adaptation at mitigation sa mga programa at action plan ng gobyerno.

PHP478.9 milyon ang para sa Philippine Institute of Volcanology and Seismology (PHIVOLCS) - mas mataas kompara sa alokasyong PHP458.8 milyon noong 2016 at PHP380.6 milyon noong 2015 - upang magbigay-kaalaman at babala ukol sa mga paggalaw na may kinalaman sa geotectonic.

PHP944.6 milyon ay para sa Ecological Solid Waste Management (ESWM) Program ng DENR-Environmental Management Bureau (DENR-EMB), upang mapanatiling malinis at malusog ang kapaligiran. Ito ay naglalayong tulungan ang mga LGU at Regional Offices sa kanilang mga pasilidad at pag-aproba ng plano para sa ESWM, bumuo ng mga patakaran upang mapagtibay ang pagpapatupad ng batas at itaguyod ang mga lokal at pandaigdigang kapasiyahan sa pagbabago ng klima.

PHP113.1 milyon ang iginugugol para sa mga programa ng Department of Energy tulad ng National Renewable Energy Program (NREP) at National Biofuels Program upang magkaroon ng seguridad sa enerhiya at matatag na bansa.

PHP459 milyon ang inilalaan sa mga programa ng Metro Manila Development Authority (MMDA) para ayusin ang mga paagusan ng tubig-kanal at kontrolin ang pagbaha.

D. PAGBAWAS SA PANGANIB NA DULOT NG SAKUNA

Naglalaan ang pamahalaan ng pondong **PHP15.8 bilyon** para sa National Disaster Risk Reduction and Management Fund (NDRRMF) para sa tulong sa sakuna, muling pagbangon, at rehabilitasyon. Ang halagang ito ay mapupunta sa sumusunod:



PHP7.3 bilyon ay para sa National Disaster Risk Reduction and Management Program upang gamitin sa pagtulong sa mga nasalanta, pagtatayong muli ng mga nasirang impraestruktura, at rehabilitasyon.

PHP6.0 bilyon ay para sa Quick Response Fund (QRF) upang agarang maayos ang kabuhayan sa mga lugar na tinamaan ng sakuna.


PHP1.5 bilyon ang ibinibigay para sa Rehabilitation and Reconstruction Fund upang muling maisagawa ang mga proyektong nasira ng kalamidad na hindi sakop ng karaniwang NDRRM Fund.

PHP1.0 bilyon ang nakalaan para sa insurance coverage ng mga pasilidad ng gobyerno laban sa mga kalamidad.



ANG PAGPAPATUPAD NG BADYET

Ang pagpapatupad ng badyet (o budget execution) ay tumutukoy sa implementasyon ng Sangay Tagapagpaganap ng General Appropriations Act – sa oras na ito ay magkabisa.



KAGAWARAN NG BADYET AT PAMAMAHALA PUBLIKASYON NG 2017 BADYET NG BAYAN SURVEY FEEDBACK FORM

Petsa: _____



Pangalan:	
Organisasyon (kasama ang Posisyon):	
Lugar/Tirahan:	
Uri ng Organisasyon:	
Sektor (Pakibilugan):	a. SUCs b. LGUs c. Academe d. CSOs e. Media f. Iba pa (pakitukoy):

Pakimarkahan (bilugan) batay sa mga sumusunod na pamantayan:

5-Lubos na Sumasang-ayon | 4-Sumasang-ayon | 3-Nag-aalinlangan |
2-Hindi Sumasang-ayon | 1-Hindi Lubos na Sumasang-ayon

A. Ang publikasyon ba ay nakapagbibigay-kabatiran?

Badyet ng Tunay na Pagbabago	5	4	3	2	1
Pagpopondo sa Badyet	5	4	3	2	1
Dimensiyon ng Badyet	5	4	3	2	1
Off-Budget Accounts	5	4	3	2	1
Mga Pangunahing Katangian ng Pambansang Badyet					
1. Pagpapabuti ng Samahang Panlipunan ("Malasakit")	5	4	3	2	1
2. Pagpapababa sa Mga Di-pantay na Oportunidad Para sa Ekonomikong Pag-unlad ("Pagbabago")	5	4	3	2	1
3. Pagpapataas ng Potensiyal Tungo sa Kaunlaran ("Kaunlaran")	5	4	3	2	1
4. Pagtataguyod sa Gumagana at Mapagkalingang Kaligirang Pangkabuhayan	5	4	3	2	1
5. Mga Pundasyon Para sa Inklusibo at Likas-kayang Pag-unlad	5	4	3	2	1
Ang Pagpapatupad ng Badyet	5	4	3	2	1

B. Ang publikasyon ba ay magandang basahin?

Ang font na ginamit (typeface, sukat) ay madaling basahin.	5	4	3	2	1
Ang mga graph at tsart na ginamit ay malinaw.	5	4	3	2	1
Ang eskema ng kulay ay kaakit-akit.	5	4	3	2	1
Ang layout ng publikasyon ay kaaya-aya sa paningin.	5	4	3	2	1

C. Ang publikasyon ba ay madaling maintindihan?

Ang nilalaman ay lohikal at organisado.	5	4	3	2	1
Ang pagkakaugnay-ugnay ng mga idea ay malinaw.	5	4	3	2	1
Ang wika ay madaling intindihin.	5	4	3	2	1
Ang mga teknikal na paksa ay ipinaliwanag sa paraang maiintindihan ng mga mamamayan.	5	4	3	2	1
Ang mga halimbawang ibinigay ay makabuluhan at makatutulong.	5	4	3	2	1
Ang mga graph, talahanayan (tables) at ilustrasyon ay nakatulong upang mas maunawaang mabuti ang teksto.	5	4	3	2	1

D. Paano mo balak gamitin ang publikasyon?

- a. Sa mga gawaing pang-adbokasiya, pang-edukasyon at pangkomunikasyon
- b. Tulong kaalaman sa pananaliksik at pagsusuri
- c. Sanggunian sa mas makabuluhang proseso ng badyet (mga pagdinig sa kongreso, at iba pa)
- d. Gabay sa monitoring ng implementasyon ng mga programa at proyekto
- e. Iba pa (pakitukoy):

E. Aling bahagi ng publikasyon ang nakikita mong pinakamakabuluhan? Hindi masyadong makabuluhan?

Pinakamakabuluhan:

Hindi Masyadong Makabuluhan:

F. Anong iba pang kaalaman ang sa tingin mo ay dapat nasa publikasyong ito?

G. Iba pang komentaryo at mungkahi:

- Matapos sagutan ang pormularyong ito, maaari itong isumite sa pamamagitan ng sumusunod:
- >

Ipadala sa **Budget Information & Training Service, Department of Budget and Management, General Solano St., San Miguel, Manila 1005.**
- >

I-scan o kuhanan nang malinaw at ipadala sa **bits@dbm.gov.ph**

Maraming salamat po!

BADYET NG BAYAN

2017

Inilathala ng Kagawaran ng Badyet at Pamamahala (DBM) ng Pilipinas
Abril 2017

Upang matiyak na mas maraming makakabasa sa publikasyong ito, hinihikayat ng DBM ang pagsipi, pagkopya, paglilimbag, at/o pagpapakalat nito o mga bahagi nito para sa pansarili at di-komersiyal lamang na gamit nang may kaukulang pagkilala sa DBM at ng iba pa nitong pinagkunan ng mga datos/impormasyon. Ang DBM ay hindi mananagot sa anumang mga isyung magmumula sa paggawa nito.

Gagampanan ng DBM ang lahat ng karapatan sa ilalim ng batas sa mga paglabag sa mga nasabing paghihigpit.

Para sa mga katanungan, kahilingan na kopya, komentaryo, at mungkahi, paki-email ang **bits@dbm.gov.ph**.

PRODUCTION TEAM
Budget Information and Training Service

Punong Manunulat
John Lansangan

Pangkat ng Manunulat
Vanessa Pamittan, Crispin Abacan,
at Jesselynn G. de la Cruz

KOORDINASYON NG IMPORMASYON
Fiscal Planning and Reforms Bureau
Budget Technical Bureau
Budget and Management Bureaus A - E
Legal Service
Local Government and Regional Coordination Bureau
Organization, Position Classification and Compensation Bureau

PANGKALAHATANG PAG-EDIT
Kawaksing Kalihim Amelita D. Castillo
Jesselynn G. de la Cruz
Joy S. Almazan

SINING AT DISENYO
Pangkat ng Disenyo
Leonardo Sunga
Vanessa Pamittan
Crispin Abacan
Junrey Rosales
Martin Tomas
Bryan Lagunay

Disenyo ng Pabalat
Leonardo Sunga

Ang mga Retrato sa Pabalat ay galing sa
DPWH, Suriang Pang-Internasyonal sa Pananaliksik ng Palay, National Kidney and Transplant Institute

MGA NAGSALIN SA WIKANG FILIPINO
John Lansangan
Vanessa Pamittan
at
Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)
Jesselynn de la Cruz,
Crispin Abacan

TAGAPAYO
Pangalawang Kalihim Laura B. Pascua
Kawaksing Kalihim Amelita D. Castillo
Kawaksing Direktor Teresita M. Salud

KAGAWARAN NG BADYET AT PAMAMAHALA

General Solano St., San Miguel, Manila

Trunk Line: +632 791-2000 **Email:** bits@dbm.gov.ph

Facebook: /DBMPhilippines **Visit:** www.dbm.gov.ph